# Prologue

Masayang nakatingin si Kathryn sa nagkakasiyahang pamilya niya. Gumawa talaga siya ng paraan para makarating sila sa probinsya ng nanay niya sa Batangas para na rin dumalaw sa mga kamag-anak bukod sa pakikipag-celebrate sa mga ito. Pareho kasi sila ng kapatid niyang si Clarence na naka-graduate na—siya ng college at si Clarence ng high school. Hindi lang iyon, valedictorian ang kapatid niya sa public school na pinasukan nito. Siguradong ikinatutuwa ng ama nila kung saan man ito naroroon ang pagtatagumpay nilang makatapos ng pag-aaral sa kabila ng hirap ng buhay nila.

Pinagmasdan niya ang kanyang ina at mga kapatid habang naghaharutan. Kitang-kita ang kasiyahan ng kanyang nanay at ng bunso nilang si Sharlotte. Buti na nga lang ay pamasahe at pagkain lang ang nagastos nila dahil ninong ni Sharlotte ang may-ari ng maliit na resort na iyon. Masaya niyang inilibot ang paningin sa dagat. Kahit hindi masasabing class iyon ay maganda pa rin ang lugar. Nahagip ng paningin niya ang isang lalaki na malungkot na nakatanaw sa dagat. Tila nabatu-balani ang paningin

niya rito at hindi niya maintindihan kung bakit.

Hindi niya alam kung anong puwersa ang nag-udyok sa kanya para lumapit nang kaunti rito upang makita niya ito nang mas malinaw. At ganoon nga ang ginawa niya. May distansya pa naman siya rito pero umabot sa pandinig niya ang sinabi nito na nagdulot ng kilabot sa kanya.

"It's my fault, Crizzy. You should really blame me. I deserved to die, too…" Pagkatapos ay dahan-dahan itong tumayo at tumuloy sa dagat. Kung hindi niya lang narinig ang sinabi nito ay aakalain niya na lalangoy lang ito sa dagat pero dahil sa naulinigan niyang sinabi nito, she felt suddenly responsible should anything happen to him.

She panicked when she saw him walking against the wave. *Aba't magpapakamatay nga talaga!* sigaw ng isip niya.

Dali-dali niyang tinawag ang kapatid. Paglapit nito ay hindi na niya makita kahit ulo ng lalaki.

"Clarence, hanapin natin 'yong lalaki kanina na nakaupo dito. Narinig ko kasi na balak niyang magpakamatay. Dali! Ano ka ba? Banda doon ka lumangoy," pasigaw na utos niya rito.

Pati siya ay lumangoy na rin para hanapin ito. Sinisid niya ang dagat at may relief na bumuhos sa dibdib niya nang makita niya ang lalaki ngunit mukhang wala na itong malay. Pinilit niyang ilangoy ito paitaas. At tiyempo namang nakita niya si Clarence na lumalangoy papunta sa kanila. Ito na ang naglangoy sa lalaki patungo sa dalampasigan.

Lumapit na rin ang nag-aalalang ina niya na nakakita rin sa pangyayari. Sinikap nilang ilabas ang tubig na nainom nito. Nag-aalala sila sa maaaring mangyari rito. Nang mayamaya ay umubo ito at iniluwa ang tubig na nainom.

A sigh of relief escaped from her mouth. Unti-unti nitong idinilat ang mga mata at makaraan ang ilang saglit nang sunud-sunod na paghinga ay nagtangka na itong bumangon. Itinayo ito ni Clarence at inalalayang maglakad.

"Ayos ka na ba? Ihahatid ka na namin sa cottage mo," saad ni Kathryn na may kaunting pag-aalala pa rin sa dibdib. Walang expression ang mukha ng lalaki nang tingnan siya. Pagkaraan ay mabagal itong tumango at itinuro ang malapit na cottage.

"Kaya mo na ba, anak?" tanong ng kanyang ina

sa lalaki.

"Opo," sa wakas ay sagot nito sa mahinang tinig.

Nang makarating sa cottage nito at nagpaalam na sila. "Sige, aalis na kami. 'Andiyan lang kami sa katabing cottage. Tawagin mo na lang kami kung may kailangan ka," ani Kathryn.

Hindi man lang ito tumugon kaya umalis na sila. Ipinagdasal na lang niya na sana ay huwag na nitong ulitin ang ginawa nito. Ayaw niya sana itong iwan dahil nababahala siya na baka ulitin nito ang ginawa o kaya naman ay maisipan nitong saktan ang sarili sa ibang paraan ngunit hindi naman puwedeng bantayan niya ito. Hindi sila magkakilala at duda siya kung papayag itong mabantayan niya.

Pagkadating nila sa cottage ay ang lalaki ang naging paksa nila sa usapan. Ikinuwento niya sa ina at mga kapatid ang narinig niya mula sa lalaki bago ito nagtangkang kitilin ang sariling buhay.

"Baka nakapag-isip-isip na din 'yon ngayon na mali ang ginawa niya."

"Sana nga, Inay." Napabuntong-hininga si Kathryn. Sana nga ay hindi na ulitin ng lalaking iyon ang ginawa. Ipinagpatuloy na lang nila ang pagkain

na naudlot dahil sa nangyari kanina.

Pero mayamaya ay natanawan nila ang lalaki na lumabas ng cottage nito. Bumangon ang kaba sa dibdib niya sa pangambang tatangkain na naman nitong lumusong sa dagat at magpakalunod. Ngunit nakahinga sila nang maluwag nang ang landas papunta sa kanila ang tinahak nito.

"Magandang hapon po. Gusto ko po sanang magpasalamat sa pagliligtas n'yo sa akin," nakayukong sabi nito, nahihiya marahil sa ginawa kanina.

"Walang anuman 'yon, anak. Halika at saluhan mo kami. Pagpasensyahan mo nga lang itong pagkain namin dahil napakasimple lang," aya rito ng kanyang inay.

"Halika, pare, upo ka dito. 'Wag kang nang mahiya, kami-kami lang naman." Nginitian ito ng kanyang kapatid at itinuro ang upuan malapit sa kanya.

Umupo ito sa silyang malapit sa kanya. "Ako nga po pala si Matthew."

# 1

"Hay! Lunes na naman, simula na naman ng trabaho." Muli ay narinig ni Kathryn sa sarili.

Iyon ang monologue niya sa sarili linggo-linggo. Nagtratrabaho siya bilang isang secretary sa isang textile company—ang *Santillan Textile*. Anim na buwan pa lamang siyang nagtatrabaho roon mula nang magtapos siya ng Business Administration sa edad na dalawampu't tatlong gulang dahil sa paputol-putol na pag-aaral. Mayroon din siyang certificate sa Computer Secretarial course bukod sa kanyang bachelor's degree.

Dahil sa hirap makahanap ng trabaho sa mga panahong iyon ay sinuungan na niya ang pagiging isang sekretarya. Kahit pa sabihing dalawang kurso ang tinapos niya ay wala siyang magandang work experience kaya tinanggap na lang niya ang malagay sa ganoong posisyon kahit mas mataas sana roon ang gusto niyang kalagyan.

Isa pa ay kailangang-kailangan niyang magtrabaho kaagad. Panganay siya sa apat na magkakapatid at matagal nang yumao ang kanyang ama at ang nanay naman ay nasa bahay na lamang at nag-

aalaga sa mas maliit niyang kapatid na pumapasok sa pampublikong paaralan. Pinatigil na niya ito sa pagtanggap ng labada mula noong humina ang pulmon nito dahil sa pagtatatrabaho.

*Naku! Ano ba 'yan traffic na naman! Wish ko lang 'wag akong ma-late*, maktol niya sa isip. Nakipag-unahan siya sa ibang pasahero para lang makasakay.

Muli ay sinumpong na naman siyang maglitanya ng mga himutok sa buhay. Kung bakit naman kasi hindi na lang siya naging mayaman. Di sana ay may kotse siya at traffic na lang ang pinoproblema niya at hindi tulad nitong pati ang pakikipag-agawan sa masasakyan ay pinoproblema pa niya.

*Di bale, may dadating din na mayamang prinsipe sa buhay namin na mag-aahon sa amin sa kahirapan.* Napangiti siya sa takbo ng isip niya. *Ambisyosa ka talaga Kathryn! Asa ka pa!*

Pagkapasok palang sa lobby ng opisina nila ay sinalubong siya agad ni Marjorie, isa sa mga kaibigan niya. Sales administrative assistant naman ang posisyon nito. Palangiti ito at palabiro. Mataas ang ambisyon nito at pangarap ang makapag-asawa ng mayaman.

Pareho silang may pangarap na ganoon ngunit

kung sakaling hindi mayaman ang lalaking inilaan para sa kanya ng tadhana ay tatanggapin pa rin niya ito nang buong puso. Nangangarap lang naman siya paminsan-minsan pero nakasayad pa rin ang mga paa niya sa lupa.

Sabay silang naghihintay ng elevator paakyat. May dala itong pagkain na malamang ay binili nito sa canteen. Dahil sa nakitang pagkain ay biglang kumulo ang tiyan niya. Noon lang niya naalala na hindi pa nga pala siya nag-aalmusal.

"Hinahanap ka na ni Boss. Kanina pa siya dumating, ang aga masyado samantalang dati wala pa 'yun kahit eight na. Bakit ka ba na-late, bru?" Bruha ang nakagawian nitong itawag sa kanya kapag nagbibiro.

"Hay naku! The usual, mahirap makipag-agawan ng jeep," hinaing niya.

"Mahirap talaga ang maging mahirap, ano? Kailan kaya tayo makakapag-asawa ng milyonaryo?" anitong nangangarap.

"Hay! Oo nga," pakikisakay niya sa biro nito.

"Pikutin na lang kaya natin 'yung mga anak ng may-ari nitong kompanya?"

"Hay! Bakit nga ba hindi?" sabi niya pa na kunwari ay umaktong nag-iisip. "Pag nangyari 'yon, makakasakay na tayo palagi sa magagandang sasakyan at di na tayo magiging utusan dito kundi amo na," pakikisakay niya pa sa pangangarap nito sabay tawa. "'Yun nga lang kailangan nating magpa-charming muna at magpaganda para mapansin."

"Correct ka d'yan! Kaya dapat umpisahan na nating magpa-beauty lalo at nang maakit sa atin 'yang mga mayayamang 'yan!" Tinawanan niya ito.

Alam niyang mayroong mga nakarinig sa usapan nila pero wala silang pakialam dahil nagbibiruan lang naman silang magkaibigan. At kabisado na niya si Marjorie. Iyon ang paraan nito para ipagsabing hindi ito tumatanggap ng manliligaw na tulad nitong isang kahig, isang tuka.

Nang makarating sila sa twenty-third floor ay tumango na lang siya rito at nagpauna na para hanapin ang file na kailangan ng boss niya. Nakita naman niya agad kaya pumasok siya sa opisina ng amo at iniabot ang mga files na hinahanap nito. Tatalikod na sana siya nang tawagin siya nito muli.

"Miss Perez, please hold all calls for me. Thanks."

"Yes, Sir." Pagtalikod ni Kathryn ay napasimangot

siya. Ano na naman kayang problema nito at parang may pinagtataguan? Baka ang big bosses pa ng kompanya.

Matanda na si Mr. Theodore Balbin kung tutuusin, dapat nga ay magreretiro na ito dahil pini-petition na ito ng anak nito sa ibang bansa kaya alam nila na anytime ay magkakaroon sila ng bagong boss.

Mayamaya ay biglang nag-ring ang phone at dali-dali niya itong sinagot.

"Good morning, marketing department. May I help you?" magalang na bati niya.

"Good morning, may I please speak with Mr. Balbin. This is Sarah, secretary of BJS."

"Mr. Balbin?" Medyo malakas sa natural na boses na ulit ni Kathryn habang nakatingin sa manager nila. Natagpuan niyang nakatingin din ito sa kanya. Umiling ito at ikinumpas pa ang kamay upang isenyas na wala raw ito.

*Hmp, kainis naman! Tuturuan pa akong magsinungaling.* "Sorry, but he's not in his office at the moment," napipilitang sabi niya sa kabilang linya. "Anyway, would you like to leave a message?"

"Yes, please tell him that BJS wants to talk to

him. Thanks."

"Okay. 'Bye." Lumapit kaagad siya sa manager nila na mukhang kabado at natataranta.

"Sir, BJS wants to talk to you daw." Parang natulala agad si Mr. Balbin na parang di alam kung ano ang sasabihin.

"Miss Perez, if his secretary calls again, just tell him I'm not in my office or maybe I'm getting some files from other departments… or just invent something, okay?" Hindi niya nagawang magreklamo dahil dali-dali na itong lumabas ng opisina na parang aburido.

"Kathryn, sino 'yung tumawag?" usisa ni Marjorie.

Nasulyapan niya ang mga kasamahan nitong mga Sales Administrative Assistants na tila naghihintay rin ng isasagot niya sa tanong ng kaibigan. Marahil ay napansin din ng mga ito ang tila pagkataranta ng amo nila.

"Ang sabi, BJS daw," kibit-balikat niyang tugon. Nagtaka siya sa mga reaksyon ng mga kasamahan. Ang iba ay natulala at ang iba ay parang biglang natakot sa binanggit niyang pangalan.

Tatanungin na sana niya si Marjorie kung sino

iyon dahil mas matagal na ito sa kompanya ngunit bigla itong tinawag ng marketing manager na noon lang niya napansin bumalik pala agad. Narinig pa niya nang utusan nito si Marjorie na kuhanin ang monthly reports at i-photocopy ang mga iyon.

Nagsibalikan na rin kaagad sa kani-kanyang ginagawa ang mga kasamahan ni Marjorie kaya hindi na niya nakuha pang magtanong.

Kung minsan kasi ay ayaw niyang lumapit sa mga kaopisina dahil lagi siyang tinutukso ng mga ito kung kani-kanino dahil nga single pa siya.

Hindi naman sa ayaw niyang magnobyo. Alam niyang darating din ang time na may mamahalin siya at magmamahal sa kanya. Kaya lang ay hindi pa iyon ang tamang panahon. Bukod pa roon ay ayaw niya ring may humati sa oras niya sa pamilya, kaibigan at trabaho. Sa dami ba naman ng mga gastusin at problema na sumasalubong sa kanya kada uuwi ng bahay ay maiisipan pa ba niyang magdagdag ng mga isipin?  Mahahati lang ang oras niya kung sakali.

Nag-ring na naman ang telepono. Kung ang sekretarya na naman ito ni BJS ay pangatlo nang tawag nito iyon sa araw na iyon.

"Hello, marketing department. May—" Hindi

pa siya tapos magsalita ay pinutol na iyon ng nasa kabilang linya.

"Hello, is this Kathryn?" Nang sumagot siya ng 'yes' ay tinanong agad nito kung nasabi na ba niya sa manager nila ang pinapasabi nito.

"Sorry, but Mr. Balbin hasn't come in yet," kagat-labi niyang sabi.

"Kathryn, just tell him the message again and please add that it is urgent. Okay?"

"Yes, Miss Sarah. I will tell him the message as soon as he arrives." Iyon lang at nagpaalam na ang babae. Napabuntong-hininga siya habang binababa ang receiver.

Sa pangalawang tawag pa lang nito kanina ay tinanong na ang pangalan niya kaya kilala na siya nito. At natural na palaging hinahanap ang boss niyang hindi niya alam kung ano ang ginagawa at nakayuko sa binabasang papeles, pero parang deadma ito sa naririnig kaya siya ang naapektuhan dahil siya ang nagsisinungaling para rito.

"Nakakainis naman!" bumubulong niyang sabi. *Ako pa ang inutusang magsinungaling.* Mayamaya ay nakita niyang lumabas na ang manager nila sa office nito at dere-derechong nagpunta sa elevator. Sana

naman ay kay BJS na ito magpunta at nang hindi na tumawag ang sekretarya niyon at hindi na siya mahirapang magsinungaling.

Ngunit hindi yata roon nagpunta ang boss niya dahil makalipas ang tatlumpung minuto ay tumawag uli ang secretary ni BJS. Sinabi uli niya na wala pa ang amo at hindi niya pa rin ito nakikita. Muling tumunog ang telepono at handa na sana siyang magsinungaling muli ngunit natigilan siya sa sinabi ng nasa kabilang linya.

"Hello, Miss Kathryn. BJS wants to talk to you."

"Me? Why?" natataranta niyang sabi. Bakit naman siya kakausapin nito?

"I'm not sure but maybe this has something to do with your boss. Please hold while I transfer your call to BJS."

"Okay." Kahit kinakabahan siya ay wala naman siyang magagawa kundi ang kausapin ito.

Napalunok siya sa kaba. Paano na lang kung magkandabuhul-buhol ang dila niya habang kasuap ito? Hindi siya sanay magsinungaling lalo na at may pakiramdam siyang kaya siya kakausapin ng taong iyon ay dahil napundi na ito sa ilang beses na niyang pagsasabing wala roon ang kailangan nitong tao.

"Hello, Miss Perez," mayamaya ay anang isang baritonong tinig. Lalo tuloy siyang nanginig sa kaba. "Hello, Miss Perez, are you still there?" muling sabi nito nang hindi siya makapagsalita.

"Ah, h-hello. G-good morning, Sir," natatarantang bati niya sa kabilang linya.

"Miss Perez, I would like to talk to Mr. Balbin but apparently he's not there as you've always said." May bahid ng sarkasmo ang tinig nito na nakapagpataas ng kilay niya.

Teka, bakit parang pinapahiwatig nito na tinatago niya si Mr. Balbin? Kahit pa totoo iyon, hindi pa rin tamang pagbintangan siya nito dahil wala naman siyang kasalanan sa nangyayari. Ang sira-ulong boss niya ang nagtatago at wala siyang magawa kundi sundin ito. At ngayon ay talagang wala ito kaya medyo malakas ang loob niya na panindigan iyon. Sa pagkakataong iyon ay hindi na siya nagsisinungaling.

"Ah Sir, Mr. Balbin is really not here yet," magalang niyang sabi. "I will tell him to call you immediately when he gets back."

"Not there yet? Did he take the day off or something? You see, I have so many pending jobs because of your boss. Are you telling the truth, Miss

Perez?" paliwanag nito.

Nagsimula nang mairita si Kathryn. *Aba't antipatikong ito ginawa pa akong sinungaling!* "Of course, Sir. Why would I lie about Mr. Balbin's whereabouts?"

"I don't know. Maybe you know something," pahiwatig nito sa kabilang linya.

Tumaas ang isang kilay niya. "With due respect Sir, I have no idea what you're talking about. But let me just reiterate that Mr. Balbin is not here. I don't know where he is and I'm not entirely sure if he'll return to work later. If he does, I will do everything in my power to make him call you back, Sir," medyo exaggerated na niyang sabi. "Now, if you don't have anything else to say, Sir, then I'd like to get back to work. Goodbye." Hindi na niya ito binigyan ng pagkakataon pang sumagot. Ibinaba niya kaagad ang receiver. Alam niyang kabastusan ang ginawa niya, pero gigil na gigil na talaga siya at kapag nagkatagalan pa sila sa pag-uusap ay baka mabuko na siya nito na talaga namang tinatago niya si Mr. Balbin.

Pagharap niya ay nagulat na lang siya sa mga reaksyon ng mga kasamahan niyang nakikinig pala sa pag-uusap nila ng antipatikong lalaki. May natulala,

may tila hindi makapaniwala at ang iba naman ay nakatingin lang. Nag-angat siya ng kilay sa mga ito.

"Bakit? Ano'ng nangyari sa inyo?"

Si Marjorie ang unang nakabawi sa pagkatulala kaya ito ang nagtanong, "Kathryn, kilala mo ba 'yung tinarayan mo sa phone?"

"Si BJS daw siya," paismid niyang sagot. "Nakakainis nga, eh. Akala mo kung sinong may-ari ng kompanya kung makapagsalita. Hay grabe! Na-highblood talaga ako. Si Sir naman kasi, nakikipagtaguan-pung pa."

"Kathryn, di mo ba kilala si BJS?" tila natitigilang tanong muli ng kaibigan niya.

"Hindi! Bakit, sino ba 'yong antipatikong 'yon?" Nagsalitan pa ang mga kilay niya sa pagtaas at ang dalawang sulok ng mga labi sa pag-ismid.

"Kathryn, may-ari talaga ng kompanya si BJS!" sigaw ni Bernie, isa pang officemate niya.

"Ano naman ngayon kung may-ari siya ng kompanya?" Inilahad pa niya ang mga kamay. "Porque ba mayaman, may karapatan nang magbintang ng kapwa?" madrama pa niyang sabi. Humalukipkip siya at bumungtong-hininga.

"Kathryn, may-ari nga siya ng kompanya… ng buong *SGC*, ng kompanyang ito na pinagtratrabahuhan natin," pagbibigay-alam ni Marjorie.

Natawa siyang bigla. "Nakakatawa ka, Marj. May-ari ng kompanyang ito?" Natigilan siya sa pagtawa nang mapansing seryoso ang mga kaopisina. Doon na siya biglang kinabahan. Napalunok siya at tinitigan ang mukha ng bawat kausap. "A-as in… itong kompanyang ito? S-Santillan ba ang 'S' sa BJS?" she asked in no one in particular. Nang lahat ng mga nakapaligid sa kanya ay nagsitanguan, pakiramdam niya gusto niyang humiga sa sahig at himatayin.

Ibig sabihin… ang tinarayan niya ay walang iba kundi ang mismong may-ari ng *Santillan Textile*?

"Kathryn, FYI, BJS stands for Brian James Santillan! Nasaan ka ba sa earth at di mo alam na si BJS at ang pamilya Santillan ang may-ari ng kompanya?"

Alam niya na Brian James Santillan ang pangalan ng president ng *Santillan Group of Companies* kung saan kabilang ang *Santillan Textile*, pero hindi niya agad naisip na iyon din pala ang 'BJS' na kausap niya kanina. Bakit ba hindi niya iyon nai-connect? Napatutop siya sa bibig upang pigilan ang sariling mapatili.

"My God! Baka matanggal ako sa trabaho. Pa'no na 'yan?" Isipin pa lang ni Kathryn ang mga kapatid niyang hindi na naman makakapasok sa eskwelahan ay parang naiiyak na siya.

"Bruha ka kasi. Bakit naman di ka nakapagpigil na magtaray?" nag-aalalang sermon ni Marjorie. Napapailing na lang ang iba niyang mga kaopisina.

Napalabi na lang siya.

"'Yaan mo na muna 'yan, Kathryn. 'Wag ka na munang mag-worry. Malay mo naman, di ba? Di ka naman tatanggalin n'yon ngayon… baka bukas pa," hirit ni Bernie.

Inirapan na lang niya ang pagbibiro ng baklitang kaopisina. Lalo lang nitong pinalakas ang kaba niya. Naramdaman niya ang paghagod ni Marjorie sa likod niya na tila gusto siyang i-comfort.

Mayamaya pa ay nagsibalikan na rin sa trabaho ang mga kaopisina at siya ay naiwang tulala.

# 2

Hindi makapaniwala si James sa naging pag-uusap nila ng sekretarya ni Mr. Balbin. Mukhang nakulitan sa kanya ang babae kaya tinarayan na siya. Kung tutuusin, sa unang tanong pa lang dapat ay ibinaba na niya ang telepono. Ngunit hindi niya alam kung bakit tila nagustuhan niyang ipagpilitan ditong itinatago nito ang matandang amo.

Gusto niyang matawa dahil sa kauna-unahang pagkakataon ay may nagtaray sa kanya sa telepono. Halos lahat ng babae na nakakausap niya ay soft-spoken at courteous. Minsan, nakikipag-flirt pa nga sa kanya kahit sa telepono. People recognized authority in his voice. Lahat ay magalang sa pakikipag-usap sa kanya. But this woman, his own employee, spoke to him over the phone in a manner he was not used to.

Gusto niyang magalit. Hindi na siya nito iginalang bilang presidente ng kompanya. Hindi dapat ganoon makipag-usap ang mga empleyado sa kanya o kahit sa ibang taong tumatawag doon. Paano na lang kung kliyente ang nakausap nito? Nasa marketing department pa naman ito. Nagbabadya pa silang mawalan ng kliyente nang dahil sa kagaspangan

nitong makipag-usap sa telepono.

He really found it hard to believe that someone could have the guts to treat him like that. Baka naman hindi siya nito kilala? Baka bagong empleyada at wala pang muwang tungkol sa buong pamahalaan ng kompanya.

He must teach that woman a lesson. Magpapababa siya ng memo para rito.

*No. I'd better talk to her personally*, tanggi ng isip niya. May curiosity siyang nadama para sa empleyadang iyon na naglakas-loob na tarayan siya sa telepono. At hindi lang iyon, binabaan pa siya gayong hindi pa siya tapos na makipag-usap.

*Oh man, you have better things to do than waste your time thinking about this impolite girl*, he reminded himself.

Marami pa siyang dapat pag-aralan. Nai-turn-over na sa kanya ng kanyang uncle ang reports ng ibang departments. And so far ang report na lang ni Mr. Balbin ang wala roon. Ang uncle niya ang vice-president ng *Santillan Textile* at siya ang over-all president ng *Santillan Group of Companies*.

Halos apat na buwan din niyang ipinamahala pansamantala sa kanyang uncle ang kompanya at

ngayon siya na ang uli ang magte-take over kaya kailangan niyang pag-aralan ang lahat ng reports ng department heads.

Apat na buwan na siyang hindi bumibisita sa kompanya magmula nang mamatay ang kanyang ama. Masyado silang nalungkot noon. Parang biglang nagbago ang kanilang mundo na dati ay buo noong nandiyan pa ang papa nila. Nagrebelde ang kapatid niya at hindi mapirmi sa bahay at ang kanyang mama ay nagka-nervous breakdown. Kaya sinamahan nilang magkapatid ang kanilang ina na magbakasyon sa kapatid nito sa Canada.

He sighed in slight frustration.

Kapag nagtatrabaho siya ay hindi na niya napapansin ang oras. Ayaw niya iyong maya't maya ay tatawagin niya ang sekretarya para utusan itong kuhanin ang ganito o ganoong files. Gusto niyang nasa harapan niya lahat ng kailangang gawin.

Nang bumukas ang pinto ay nagulat pa siya nang pumasok ang nakababata niyang kapatid na si Matthew. He was thirty and his brother was twenty-three. Aside from being the appointed president of their company since their father died, James also had his own company to speak of.

Kabaligtaran naman niyon ang kapatid na walang inaatupag kundi ang mag-gimmick. Wala itong kasipagan na makikita pagdating sa pagtatrabaho.

"Hey, bro! Still busy?" tanong nito na ngiting-ngiti.

"Yup. I hope you're not here to bother me. 'Cause as you can see, I've a lot of these to deal with," tukoy niya sa mga papeles na nasa mesa. Hindi niya maiwasan ang mapasimangot.

"Easy, bro. Relax a bit, will you? All work and no play makes a boring BJS." Tumawa pa ito. "Didn't you miss me?"

He smirked at him. Isang linggo ring nawala ang makulit niyang kapatid, na malamang ay napadpad kung saan-saang lugar.

"Why would I?" nakaismid niyang sagot at napabuntong-hininga nang muling tingnan ang tambak na papeles.

"That hurts, bro!" kunwa'y may tampo na sabi nito. "Na-miss pa naman kita. Sa lahat ng napuntahan ko, dito lang ako nakakita ng tulad mo na permanente na ang pagkakunot ng noo," biro nito na sinundan ng tawa.

Napailing na lang si James. Kilala niya ito, alam niyang may kailangan ito kaya ito naligaw roon.

"Kailangan mo pa bang gumawa ng mga ganyang pasakalye? Just tell me what you want."

"Can I borrow your spare car? Nasa casa ang kotse ko, eh."

Napailing muli si James. "Why, I'm not surprised anymore. You drove drunk again, right, my little brother?" he mocked. Kahit kailan talaga ay problema ang dala ng kapatid niya. Pasalamat ito at mahal niya ito at ito lang ang nag-iisa niyang kapatid. So he had no choice but to understand him in every way he could.

Hindi na siya magtataka kung bakit manghihiram ito sa kanya ng kotse. Kahit kasi kaya nilang bumili ng magagandang sasakyan ay ipinamulat sa kanila ng kanilang ama na hindi magandang investment iyon. Tama na iyong may mga kotse silang lahat at hindi kailangang magkaroon sila ng koleksyon ng sasakyan na pupuno sa garahe nila. May vans at pick-ups sila sa bahay, pero sigurado siyang hindi iyon gagamitin ni Matthew. Kilala niya ang pagiging maporma nito.

"But, Kuya, it's not my fault. Would you rather see me hurt than my car? Aren't you happy I'm still alive?"

madamdaming sabi nito habang pinaglalaruan ang mga papeles na nasa harapan niya.

"All right. I believe you, but that doesn't mean I'll let you use my car. Okay?"

"Kuya naman, you're being selfish! Just this once please, I have to make an impression tonight. I'm dating the most beautiful lady I've laid my eyes on. Ayoko ng car ni Mama na ginamit ko ngayon papunta dito." Sinasabi na nga ba niya at gusto lang nitong pumorma.

"All right, bahala ka. But I'm warning you. If my car gets even just a tiny scratch, I'll kill you," biro ni James na may bahagyang ngiti sa mga labi. Kahit kailan talaga ay hindi niya matiis ang kapatid. Mula nang iniwan sila ng kanilang ama apat na buwan pa lang ang nakakaraan ay nagbago ang kanyang kapatid at hindi na mapirmi sa kanilang bahay. Kung hindi pa nagkasakit ang mama nila ay hindi pa nila ito makakasama sa ibang bansa.

Siguro ay dahil labis itong nalungkot na wala itong napatunayan sa kanilang ama bago ito pumanaw dahil mas pinili pa nitong gumawa ng sariling mundo sa pagliliwaliw. Masama rin ang naging epekto ng pangyayari sa kanyang mama. Ngayon na nga lang ito nagsisimulang makisalamuha sa ibang tao at labis

na niyang ikinatutuwa iyon.

---

Nang tumawag kay Kathryn ang sekretarya ni BJS at pinapapunta siya sa opisina ng amo nito ay hindi siya makakilos. Parang may naghahabulang paru-paro sa loob ng tiyan niya. Gusto na niyang maiyak sa nangyayari sa kanya. *Diyos ko, ’wag n’yo naman pong ipahintulot na mawalan ako ng trabaho.*

“Kathryn, bakit?” tanong ni Marjorie.

“Pinapatawag ako ni BJS. Diyos ko! Baka tatanggalin na ako sa trabaho.”

“Ano ka ba naman! Hindi ’yan mangyayari, basta mangatuwiran ka lang nang maayos. From what I’ve heard ay mabait naman daw si BJS,” nangongonsolang sabi nito.

“Bakit ba kasi di ko naisip na si BJS pala ay si Brian James Santillan. Bakit ba kasi ang tanga-tanga ko?” himutok niya.

“Alam mo kasi, minsan maganda din ang nakikinig ng tsimis. Alam mo ba na bago pa may dumating na memo para sa mga empleyado, kumakalat na ang laman niyon kung makikinig ka lang sa mga tsismis,” sermon nito.

"Gan'on ba, sige aakyat na ako. Baka lalong sumama ang tingin n'yon sa 'kin pag nagtagal ako." Tinapik na lamang siya nito sa balikat. Alam niya na nag-aalala rin ito sa kanya, ayaw lang nito na panghinaan siya ng loob.

Habang nasa elevator siya ay hindi niya maiwasang malungkot at maiyak dahil baka huling araw na niya sa kompanyang iyon. *Kaka-regular ko pa lang matatanggal na agad…*

Mabuti na lang, walang tao sa elevator at wala rin ang elevator boy na si Mang Gustin kung di ay hindi siya makakaiyak at makakapaglabas ng sama ng loob. Sana lang talaga ay mabait si BJS at bigyan pa siya ng isang pagkakataon. Nanginginig ang kanyang mga tuhod at kamay nang makaharap na niya ang sekretarya ni BJS. Hindi niya alam kung ngingiti ba siya rito dahil malamang ay alam nito ang dahilan kung bakit siya pinatawag. Nginitian siya nito at sinamahan sa opisina ng presidente. Nag-warning knock muna ito bago binuksan ang pinto.

"Sir, Miss Kathryn is here."

"Let her in," tugon ng baritonong tinig na narinig niya kanina sa telepono.

Napasukan niya itong nakayuko at may

pinipirmahan.

"G-good morning, Sir," nanginginig niyang bati at saka lang ito nag-angat ng ulo. At natigilan siya sa nakita.

For a moment, she thought she was looking at a Greek god. Hindi nakasira sa kaguwapuhan nito ang bahagyang pagsasalubong ng mga kilay nito nang tingnan siya. Tila bigla siyang nagising nang mapansin ang matalim na pagkakatitig nito sa kanya. Lagot na! Galit talaga ito!

"So Miss Perez, are you still not going to tell me the whereabouts of your boss?"

"S-sir, I'd like to apologize for my behavior over the phone earlier," nakatungong sabi niya, hiyang-hiya talaga siya. Kahit hindi ito sumisigaw ay nakakatakot pa rin ito. He possessed that kind of authority na kahit yata may katungkulan sa gobyerno ay pangingilagan ito. "Mr. Balbin reported for work at eight this morning, but he asked me to hold any calls for him and then he left afterwards," kinakabahang paliwanag niya.

"Alam mo ba, Miss Perez, na kung kanina mo pa sinabi 'yan ay wala sanang nasayang na oras?" iritadong panunumbat nito.

"I'm really sorry, Sir. I was merely following orders," pag-amin niya. Nahihiya talaga siya kaya pirmi siyang nakatungo. Halata ang galit nito sa kanya dahil ni hindi man lang siya pinaupo nito. Tuloy ay nakatayo lang siya habang ito ay nakaupo at nakatingala sa kanya. Nang bumukas ang pinto ng private restroom nito ay saka lang siya nag-angat ng tingin sa lalaking papalapit sa kanya. Pinangunutan siya nito ng noo. Tila pamilyar ang mukha ng lalaki.

"Kuya, what's the problem? Why are you scaring this beautiful lady here?" nakangiti nitong sabi na sa kanya nakatingin.

"Matthew, you don't have any business here so just go home."

Lumapit sa kanya ang tinawag na 'Matthew' at ngumiti sa kanya. "Don't mind him. He's just burned out with his tons of work."

"No, it's actually my fault kaya nagalit si—" Hindi pa siya tapos ay bigla nang pinutol ni BJS ang sinasabi niya.

"So, at least you know how to accept mistakes, Miss Perez," pangungutya pa nito.

"I'm really sorry, Sir." Nakatungo pa rin si Kathryn at gusto nang maiyak sa pressure na kinakaharap.

Naramdaman niyang bigla ang mga daliri ni Matthew sa kanyang baba. Iniangat nito ang mukha niyang nakatungo.

"You look pale. Halika at sasamahan kita sa clinic. Baka bigla ka na lang mag-collapse sa takot kay Kuya." At hinila na siya ngunit tumigil ito sa paglakad nang marinig si BJS.

"Matthew, would you mind your own business? If you want to go, then go. But leave Miss Perez here. I have so many things to ask her," galit na sabi nito sa kapatid.

Nahihilo na si Kathryn. Hindi siya nag-almusal sa pagmamadali at ngayon ay parang gusto niyang masuka sa nerbyos sa nangyayari. Bigla siyang napahawak sa kanyang ulo dahil parang umiikot na ang kanyang paningin. Nanlambot na rin ang kanyang tuhod at dahil doon ay muntik na siyang matumba. Umalalay sa kanya si Matthew.

"Kuya, mukhang hihimatayin pa yata sa takot sa iyo kaya pabayaan mo nang ilabas ko siya dito." At dali-daling inalalayan siya ng binata.

Parang umiikot pa rin ang kanyang paningin kaya nagpasalamat siya na may umalalay sa kanya. Ang sumunod na niyang namalayan ay nasa parking lot

na sila ng building.

Tatanggi sana si Kathryn nang pasakayin siya nito sa passenger seat subalit marahang naitulak na siya nito. Naisip niya na dapat siyang magpasalamat sa lalaki. Kung wala ito ay baka hinimatay na siya nang tuluyan sa sobrang takot niya kanina. Dinala siya ng lalaki sa isang restaurant na malapit lang sa opisina. Bumaba ito at inalalayan siya.

"Halika na, Kathryn. Tingin ko sa 'yo ay gutom na gutom ka na kaya nahihilo ka bukod pa sa nerbyos na naramdaman mo kanina sa kapatid ko."

Nagtataka siyang napatingin dito nang marinig ang pangalan niyang binanggit nito. Teka, kilala niya rin ito pero hindi niya lang maalala kung paano niya ito nakilala.

Marahil ay nakita nito ang pagkalito sa kanyang mukha kaya ito na ang nagpaalala.

"Kathryn, di mo na ba ako naaalala? Remember the resort in Batangas?"

Namilog ang mga mata niya. "I-ikaw 'yung nagtangkang magpakamat—"

"Stop! 'Wag mo nang ipaalala," putol nito sa sasabihin niya.

"Sorry, alam kong ayaw mo nang maalala 'yon. Pero teka, kumusta ka na? I hope, di mo na inulit 'yon."

Dalawang araw pa silang nagkasama nito sa resort na iyon. Naging magkaibigan sila nito. Lahat ng problema nito nang mga panahong iyon ay naikuwento nito sa kanya. Sinabi rin nitong ang kababata nitong si Crizzy na naaksidente matapos ang away ng mga ito, at iyon ang rason kaya ito malungkot noon. Sinisisi nito ang sarili sa pagkamatay ng kababata.

Sila ng kanyang inay ang naging tagapayo sa mga problema nito.

"'Wag mo na talagang ipaalala dahil ayoko nang maalala 'yon. Halika na, kain na lang tayo. Alam kong gutom na gutom ka na at mukhang hihimatayin na." Hinila siya nito papasok sa loob ng restaurant.

"Matt, sige na pumasok ka na sa loob, di ko pa kasi kaya ang presyo d'yan sa kinakainan ninyo. D'yan lang ako sa tapat kumakain." At itinuro niya ang madalas na kinakainan nilang magkakaopisina. Marami nang tao roon dahil lunch time na at malamang ay naroon na rin ang kanyang mga kaopisina. Humarap siya rito para magpasalamat.

"Tumahimik ka nga, para kang others n'yan.

Ililibre naman kita ngayon dahil noong nakaraan, nakakain ako ng inihaw na pusit at barbeque n'yo ng nanay mo. Nami-miss ko na nga iyon. Kumusta na nga pala ang pamilya mo?" tanong nito sa kanya habang akay siya papasok sa loob ng restaurant.

Nahihiya man si Kathryn ay hindi na siya tumanggi tutal ay gutom na talaga siya. Ito na ang umorder ng pagkain para sa kanya. Mayamaya lang ay dumating na ang inorder nitong pagkain at kahit naiilang ay kumain siya dahil gutom na gutom na talaga siya. Kanina ay magmemerienda sana siya kaya lang masyado siyang nataranta sa tawag ni James.

Pero hindi pa rin mawala sa isip niya ang hitsura ni James. Kahit magkasalubong ang mga kilay nito ay guwapung-guwapo ito. Ang hitsura nito ay iyong kaiinggitan ng mga lalaki at papangarapin ng mga babae na maging nobyo at mapangasawa.

"Uy, Matt, nakakatakot pala ang kapatid mo, 'no? Kunsabagay, may lisensiya s'yang magalit dahil ako naman talaga ang may kasalanan kasi tinarayan ko siya sa phone."

"Actually, natutuwa pa nga ako dahil maganda din 'yong paminsan-minsan ay may magtaray sa kanya," natatawang sabi nito. "Kaya treat ko sa iyo 'to dahil sa pagtataray mo sa masungit kong kapatid."

"Matt, thank you talaga, ha. Kung wala ka d'un, siguradong nasigawan na ako nang husto ng kapatid mo at nasabihan na ako ng 'you're fired'."

"Sa totoo lang, Kathryn, mabait 'yon. Hindi lang halata dahil pirming magkasalubong ang mga kilay," pagbibigay-alam nito.

---

Hindi napansin ni Kathryn ang tingin ni Matthew dahil magana itong kumakain. He smiled teasingly. *Kuya, you've finally met your match!*

Napailing si Matthew sa pumasok na ideya sa isip niya. Nasa labas na siya ng restroom kanina nang pumasok si Kathryn at bagaman hindi siya napansin ng dalawa ay nakita niya ang mga reaksyon ng dalawa nang magkatinginan ang mga ito. Napansin niyang sandaling napatulala ang kapatid niya at nabasa niya sa mukha nito ang paghanga sa babaeng kaharap kanina. Hindi naman niya masisi ito dahil magandang babae si Kathryn. Hindi pa ito nag-aayos ng lagay na iyon, ngunit lumilitaw pa rin ang inosenteng kagandahan nito. Si Kathryn naman ay hindi niya masabi kung ano ang reaksyon pagkakita sa kanyang kuya dahil batid niyang takot ito.

Nang matapos silang kumain ay nag-aya na

agad na lumabas sa restaurant si Matthew. Nag-aalala siyang baka ma-late ang dalaga dahil alam niyang malapit nang matapos ang lunch break ng mga empleyado. Palabas na sila nang makita nila si James sa labas ng restaurant. Nakita niya sa mukha ng dalaga ang nerbyos nito. Muli niyang tiningnan ang kapatid na nakasandal sa kotse nito na katabi lang ng kotseng dala niya.

"Oh God!" Umabot sa pandinig niya ang ibinulong ni Kathryn. Napangiti siya.

---

Hinawakan ni Matthew ang siko ni Kathryn. Mukhang naramdaman nito ang panghihina at takot ng dalaga.

"Relax, 'wag mong ipapahalata na natatakot ka dahil baka lalo kang takutin niyan," nakangiting sabi pa nito.

Nangiti rin si Kathryn. Nang ilipat niya ang tingin sa kapatid ng lalaking kasama ay nakita niya ang pagsasalubong ng mga kilay nito habang nakatitig sa kanya. Kung maaari lang sana ay hindi na siya lumapit pa rito ngunit kabastusan namang maituturing kung iiwas siya at hindi sasama kay Matthew na lapitan ito.

Hindi pa rin siya makatingin dito at pirmi

siyang nakatungo. Natatakot siyang tumingin sa kanyang big boss. Hindi niya kayang salubungin ang matiim na pagkakatitig nito. May kakaiba pa siyang nararamdaman bukod sa kaba kaninang nagtama ang kanilang paningin. Isang damdaming hindi niya mapangalanan.

“Hey, bro. What are you doing here?” tanong ni Matthew.

“I just had lunch,” sagot nito.

Lumapit ang nakababatang lalaki sa kapatid at may ibinulong habang siya ay naiwang hindi alam ang gagawin, kung lalapit ba sa dalawang lalaki. Hindi niya magawang tumingin kay James dahil masyadong nakaka-intimidate ang hitsura nito. He was wearing his business suit with his dark hair cleanly cut. Smile na lang ang kulang dito at masasabi na sanang perfect ang anyo nito. Why, this man possessed too much authority and confidence. She felt her face turned red when she realized that she was all the while staring at James. At nahuli nito ang pagtitig niya.

“Ah, S-Sir, mauna na po ako sa inyong dalawa,” nakatungong paalam niya. Ayaw niyang makita ang reaksyon ni James at baka makadagdag lang iyon sa nararamdaman niyang takot.

"No, Kathryn. Sasabay ka na kay Kuya. Pareho lang naman kayo ng pupuntahan." At kinindatan pa siya ni Matthew na parang tuwang-tuwa sa nangyayari.

Lumipad ang tingin niya kay James. "No, Sir, it's okay. Malapit lang naman po ang opisina dito. Sige po!" Tatalikod na sana siya nang marinig niya ang maawtoridad na tinig nito.

"Stay here, Miss Perez." Humarap ito sa kapatid. "And you, little brother, can go home now. Tumawag si Mama. Kanina ka pa daw niya inaantay. Samahan mo daw siya kay Tita Cleo."

Napasimangot si Matthew sa narinig. "Tita Cleo's house, oh man! Bakit di na lang ikaw?" maktol nito. He did not want to go there. It would only remind him of Crizzy.

"Because dear brother, unlike you, I have so many things to do." Tatalikod na sana ito nang matigilan. "By the way, Peachy's there, too." Ang tinutukoy nito ay ang kapatid ni Crizzy.

Nakita pa niya ang pagsimangot ni Matthew sa pangalang nabanggit. Nakatulala pa rin siya sa dalawa nang marinig ang masungit na pagsasalita ni James na bahagya niyang ikinapitlag. "Hurry up,

Miss Perez."

Si Matthew ang nagbukas ng pinto sa harapan. Nataranta na naman siya. Narinig na lang niya ang pagbulong ng binata sa kanya. "Kathryn, 'wag ka nang matakot. Di naman nangangagat 'yan."

Gusto niyang mainis sa ginawa nitong pang-iipit sa kanya sa ganoong sitwasyon. Alam naman nitong natatakot siya sa kuya nito, pero naisip pa nito ang ganoong ideya.

Wala na siyang nagawa kundi ang magpaakay kay Matthew pasakay sa passenger seat ng kotse ng kapatid nito. Umupo na rin sa driver's seat si James. Muli ay sinalakay si Kathryn ng kaba. Nang maisara ang dalawang pinto ng kotse, pakiramdam niya ay bigla siyang na-suffocate. Kay-lapit nila at sila lang dalawa ang naroon.

Habang daan ay tahimik ang loob ng sasakyan. Nakabibingi ang katahimikan. Bigla niyang naisip na marahil ay kailangan niyang mag-sorry muli rito. Totoo naman kasi na kasalanan niya kaya kahit natatakot siya ay pinilit niya pa ring magsalita.

"Sir, sorry po talaga sa nangyari kanina." Lalo lang siyang kinabahan nang walang marinig na sagot mula rito.

"It seems that you enjoyed your date with my brother. So hindi ka naman pala mataray sa lahat," tila nang-uuyam na sabi ng lalaki matapos ang ilang nakakailang na sandali. Nahuli pa niya ang saglit na pagguhit ng tila nang-iinsultong ngiti sa mga labi nito.

Gusto niyang magalit dahil hindi maganda ang dating na sinabi nito sa kanya ngunit hindi na lang siya sumagot. Ayaw na niyang madagdagan pa ang kasalanan niya rito.

*Kaya mo 'yan, Kathryn! 'Wag mo na lang intindihin ang pang-uuyam niya*, sabi pa niya sa sarili. Nagpasalamat siya nang lihim nang wala siyang marinig mula rito.

---

Hindi pa rin nabawasan ang inis na nararamdaman ni James. Hindi niya talaga nagustuhan ang pakikialam ni Matthew sa eksena kanina sa opisina. Hindi niya nagustuhan ang pag-akay nito kay Kathryn palabas ng opisina niya. And he could not understand why.

Siguro ay dahil gusto pa niyang makausap nang matagal ang babaeng pirming nakatungo habang kinakausap niya. Marahil din ay gusto pa niyang mapagmasdan ito nang malaya habang ang mga mata

nito ay wala sa kanya kundi nasa sahig.

He had to admit—the woman was beautiful. She had an exceptional charm. He had seen a lot of beautiful ladies across the world and she was one of those who had caught his eyes. Pero hindi niya ipinakita rito ang paghangang naramdaman niya nang masilayan ito. In fact, he even frowned to hide his real feelings. Binalak niyang kausapin ito nang matagal dahil nag-e-enjoy siyang makita ang biglang pag-amo nito sa kanya. But his brother messed up everything.

Nang-inis pa itong lalo sa ibinulong nito sa kanya sa parking area ng isang restaurant:

*Kuya, 'wag mo namang ipahalata sa tao na nagme-menopause ka na dahil sa sungit mo.*

---

Kahit paano ay nakahinga nang maluwag si Kathryn nang makitang pumapasok na ang kotse ni James sa parking space na naka-reserve para rito. Nakarating sila roon nang hindi nag-uusap. Masyado kasi siyang naiilang dito. Hindi katulad kay Matthew kanina na natural na natural ang kilos niya kahit kakakilala lang nila. Siguro ay sadyang friendly lang si Matthew. Friendly din naman siya ngunit hindi

niya maipakita iyon dahil sobra ang intimidation na nararamdaman niya kapag si James ang kasama niya. Bukod pa sa alam niyang galit ito sa kanya.

Huminga siya nang malalim. "Sir, pasensya na po kayo sa nangyari kanina. I know it's my fault," muli ay lakas-loob niyang sabi. Naglakas-loob din siyang tingnan ito sa mga mata. "It will not happen again, Sir."

Hindi ito nagbalik ng tingin sa kanya. Derecho pa rin ang tingin nito sa daan. Natukso tuloy siyang pagmasdan pa ang profile nito.

*Ang ganda naman ng mga mata niya! Ang ilong, ang tangos! At ang mga… labi parang…*

Hindi na niya natapos ang paglilitanya ng kaguwapuhan nito sa isip dahil bigla itong bumaling sa kanya.

"Miss Perez, are you listening?" he asked impatiently.

May sinasabi pala ito? Bakit hindi niya nadinig? Siguro ay dahil masyado siyang na-mesmerize habang nakatitig dito. "Y-yes, Sir."

"Miss Perez, please always observe proper phone etiquette, kahit gaano pa kakulit ang kausap

mo. Kapag tinatarayan mo ang mga kausap mo sa telepono, siguradong mawawalan ng kliyente ang kompanya nang dahil sa 'yo. Do you understand, Miss Perez?" matigas ang boses na sabi nito na para ba siyang batang sinesermunan nito.

"Yes, Sir. I'm really sorry," nakatungo niyang sagot.

"Okay. I'm expecting you will not commit the same mistake again, Miss Perez." At nauna na itong bumaba ng sasakyan kaya bumaba na siya agad at hindi hinintay na pagbuksan pa siya nito.

"Sir, thank you po sa pagpapasakay n'yo sa akin."

Tumango na lang ito at nagmamadali nang nauna sa kanya sa pagkapasok sa loob ng building. Saglit siyang nanatili sa pagkakatayo bago napagpasyahang pumasok. Hindi kasi maganda kung sasabay siya rito.

Pagpasok niya sa pinto ng opisina ay nakatingin agad sa kanya ang kanyang mga kasamahan. Hindi niya masabi kung nag-aalala ang mga ito o excited lang na malaman ang tsismis.

"Kathryn, ano na'ng nangyari? Tatanggalin ka daw ba?" tanong ni Marjorie.

Huminga siya nang malalim bago sumagot.

"Hindi. Kasi mukhang naawa siya sa akin dahil parang maiiyak na ako kanina. Kaya nga nagpapasalamat talaga ako."

"Ay sayang, di pa natanggal si Kathryn. Ako na lang sana ang pinaka-beauty dito kung nagkataon," pagpapatawa ni Bernie.

"Hoy, bakla, tumigil ka nga! Kahit wala pa si Kathryn dito wala ka pa ring beauty na ipagmamalaki," biro ni Marjorie kay Bernie na sinagot ng isnab ng huli.

"Bruha, ano'ng hitsura ni BJS?" hindi pa rin nagpaawat na tanong ni Bernie na tumabi pa sa kanya. "Pogi ba? Makahulog-panty ba ang kaguwapuhan?" parang nangangarap pa na sabi nito.

"Hay naku, Bernie, 'wag ka nang umasa dahil hindi ang tipo niya ang papansin sa mga katulad natin. Kaya bumalik ka na lang sa trabaho at 'wag nang mangarap dahil malabong mangyari na pansinin tayo noon," napabuntong-hiningang sabi ni Kathryn.

"Pero kung talagang gusto mong malaman kung guwapo siya, yes, guwapo siya. Okay? Kaya bumalik na tayo sa trabaho dahil 'ayan na si Boss." Nakita niyang pumasok sa pinto si Mr. Balbin kaya nilapitan niya kaagad ito.

"Sir, pinatawag po ako sa opisina ni BJS kasi po palagi kong sinasabi na wala kayo. Pinapatawag na po kayo d'un, Sir. Mukhang mainit po ang ulo ni BJS dahil wala pa po kayo." Tumango lang ito sa kanya at pumunta na sa opisina nito.

"Hay, sana naman pumunta na siya sa itaas, 'no?" bubulong-bulong na sabi ni Kathryn.

Baka mamaya ay tumawag uli ang secretary ni James. Sasabihin na talaga niyang nandito na ito at wala na siyang pakialam sa amo. Nakahinga siya nang maluwag nang marinig ang bilin nitong kapag tumawag uli ang sekretarya ni BJS ay sabihing papunta na ito roon. Napairap siya nang makatalikod na ito. Aakyat din naman pala, nagpahamak pa. Nang dahil dito ay nanganib pa siyang mawalan ng trabaho.

Bumalik siya sa trabaho, pero hindi maalis sa isip niya ang nangyari kanina. Hindi mawala sa isip niya ang guwapong mukha ni James. Kung sana ay ngingiti lang ito, siguro ay lalo itong guguwapo.

Asa ka pa, Kathryn. Napabuntong-hininga na lang siya.

# 3

Kalat na kalat ang balita sa buong building ang balita tungkol sa pagkamatay ng isang babae nilang kasamahan sa opisina at nagpaparamdam daw ito nang mga panahong iyon sa elevator.

Kilala pa naman ni Kathryn ang naturang babaeng iyon bagaman hindi niya ito nakakausap ay nakakasabay naman niya ito sa elevator at restroom. Nagpapalitan pa nga sila nito ng courteous smile.

Kaya naman ngayon ay takot na takot si Kathryn dahil kung anu-ano na ang pumapasok sa kanyang isip na nakakakilabot na pangyayari. Lalo pa at narinig niya ang kuwento ng isa sa mga kasamahan niya tungkol rito. Nakasabay umano nito ang babaeng iyon sa pagsakay sa elevator isang araw ngunit nalaman nito kapagdaka na patay na pala ang babae noong umaga nang araw na iyon. Kaya naman hindi niya maiwasan ang kilabutan dahil nag-overtime sila at alas nueve na ng gabi. Sumaglit lang siya sa restroom ngunit paglabas niya ay wala na ang mga kasamahan niya. Mukhang nagmamadali lahat ang mga ito na makauwi.

*My God, tulungan N'yo po ako… baka atakihin*

*ako sa takot kahit wala akong sakit sa puso.*

Kinakabahan talaga si Kathryn dahil wala na siyang kasabay na naghihintay ng elevator. Kung puwede lang sana siyang maghagdanan kaya lang ay nasa twenty-fourth floor siya. Walang anu-ano ay nagtayuan ang mga balahibo niya. Inatake siya ng sobrang takot. Mabuti na lang at tiyempong bumukas ang elevator. Dali-dali siyang pumasok kahit hindi pa bumubukas nang husto ang pinto niyon at nagkagulatan pa sila ng lalaking sakay nito. Nabunggo siya rito dahil sa pagmamadaling makapasok.

Nang mag-angat siya ng mukha para manghingi ng paumahin ay nagulat pa siya nang makita si James, ang lalaking parating laman ng isip niya simula pa noong magkita sila isang buwan na ang nakakaraan. “Sorry po, Sir.”

“Miss Perez, bakit kaya kada magkakatagpo tayo ay ‘sorry’ ang naririnig ko sa iyo,” seryosong sabi nito.

*Hmph! Suplado talaga! Bakit kaya rito pa sumakay ito, eh may private elevator naman para sa mga bosses ng kompanya?* Naisip niyang marahil ay nagkaproblema ang isang elevator. Pero nagpasalamat na rin siya nang lihim at kahit ganito kasungit ang nakasabay niya ay may kasama siya sa loob ng lift. Kung hindi ay baka loka-loka na siya pagkarating

sa ground floor sa sobrang dami ng nakakatakot na imahe na pumapasok sa isip niya sa pag-iisa niya sa elevator. Hindi na ito nagsalita pagkatapos. Kahit paano ay naibsan ang takot na nadarama niya kanina.

Nasa fifteenth floor na nang biglang nag-blink ang ilaw ng lift at bigla na lang namatay at huminto iyon sa pagbaba. Napatili siya sa sobrang takot. Biglang bumalik ang nadarama niyang takot kanina. Totoo nga yatang may nagmumulto!

*Diyos ko!* hiyaw niya sa isip. Takot na takot talaga siya. Claustrophobic pa naman siya kahit noon pa mang bata pa siya. Lalo na at madilim, dahil pakiramdam niya ay hindi siya makahinga.

Bigla ay nakaramdam siya ng malamig na hangin. Nag-flash sa isip niya ang mukha ng babaeng sinasabing nagmumulto roon. At dahil doon ay napatili siya.

Naramdamn niya ang paglapit ni James sa kanya at sa nag-aalalang tinig ay sinabing, “It’s all right, Miss Perez, maliit na problema lang ito. Malalaman rin ng guard na nandito tayo.”

Bigla ay naramdaman ni Kathryn ang pagkabig nito sa kanya palapit dito. Dahil sa takot ay nagpaubaya siya. He enclosed her in his arms, perhaps to comfort

her. Naramdaman niya ang paghagod nito sa kanyang likod. Naulinigan din niya ang pagbulong nito ng mga salitang hindi naging malinaw sa pandinig niya. Marahil dahil mas malakas yata ang volume ng kabog sa dibdib niya kaysa sa boses nito. Hindi pala ito kasing-sama tulad ng iniisip niya. Marunong din pala itong maawa. Kaya rin pala nitong magbigay ng comfort sa taong nangangailangan nito.

Alam niyang nararamdaman nito ang panginginig niya ngunit ang hindi nito alam ay doble ang dahilan ng pagyanig ng kanyang katawan. Takot… at kilig na napaka-untimely marahil. Nakadagdag sa kabog ng dibdib niya ang mga bisig nitong nakapalibot sa kanya. She could smell his enchanting male scent. Kung maaari nga lang ay manatili na lang itong yakap-yakap siya.

---

James could not understand what he was feeling at that moment. Ano at yakap-yakap niya ang babaeng ito? Bakit tila nag-aalala siya rito? Bakit may pakiramdam siyang gusto niyang pawiin ang takot na nadarama nito? Pero bakit? She was just his employee. Ni hindi niya ito ganoon kilala. Hindi kailangang yakapin niya ito para mapawi ang takot nito. Puwede naman niya itong tapikin na lang o

sabihan ng mga salitang maaaring makapagpakalma rito. But he actually hugged her to comfort her. Kahit siya ay nabigla sa ikinilos ng sarili. He was even surpised to know that he actually liked the feel of her body in his arms.

Naririnig pa rin niya ang paghikbi ng babae. At kahit hindi nakikita dahil sa kadiliman ay iniangat niya ang mukha nito upang pawiin ng mga daliri kung may luha man sa mga pisngi nito. Ngunit sa mga labi nito sumayad ang daliri niya. He felt the softness of her lips. And to his own amazement, he suddenly felt the urge to kiss away her fears. He slowly claimed her lips in a gentle kiss. She did not move away so he deepened it.

Mas palalalimin pa sana niya ang halik kung hindi biglang bumukas ang ilaw at itinulak siya nito. Nanlalaki ang mga mata ni Kathryn nang tingnan niya. Siya man ay natulala sa nangyari. Pumihit ito palayo sa kanya at sumandal sa elevator wall.

He could not believe what just happened. He actually enjoyed the kiss! But why did he kiss her in the first place? Bakit pa ba, kundi ang pakalmahin ito? He did that to divert her attention from thinking about her fear. *Liar!* his thoughts yelled.

*Oh God!* sigaw ni Kathryn sa isip habang tinatawid ang palabas sa building. Did that actually happened? Was she dreaming? Hinalikan siya ni James? Talaga bang nangyari iyon?

Pero bakit nito ginawa iyon? Bakit nito gugustuhing halikan ang isang katulad niya? Dahil sa shock ay hindi siya nakapagsalita kanina matapos magkailaw. Walang imikang nangyari sa kanila hanggang sa makalabas siya mula sa elevator. Ni hindi na niya ito nagawang lingunin upang magpasalamat sa ginawa nitong pag-comfort sa kanya sa gitna ng takot niya.

Minabuti na lang niyang huwag na lang itong pasalamatan dahil baka isipin pa nitong pinasalamatan niya ang ginawa nitong paghalik sa kanya. Isa pa ay hindi niya kayang humarap dito matapos ang nangyari. Katunayan ay ramdam pa rin niya ang pamumula ng mukha niya sa ginawa nito.

He just kissed her. The thought made her shiver all over. Hindi siya makapaniwalang ito pa ang naging first kiss niya. And that… she enjoyed his kiss so much.

# 4

Pakiramdam ni Kathryn ay napakaganda ng umagang iyon para sa kanya. Paano ay naiisip na niya na sa pagsakay niya sa elevator ay muling babalik ang kilig na dulot ng halik na ibinigay ni BJS sa kanya. Pero siya rin ang napangiwi sa pangangarap niya.

*Ambisyosa! Kathryn Marie Perez, ilagay mo iyang utak mo sa tamang puwesto!* May dahilan kung bakit siya hinalikan nito. At hindi iyon sa romantikong dahilan. Siguro ay ganoon ang paraan nito upang aluin ang mga babae.

Kunsabagay, wala namang masama kung mangarap siya ng ganoon kaya pinabayaan na lang niya ang sarili. Tutal ay libre naman ang mangarap. *Tax-free pa*, biro pa niya sa isip.

Nakatuon na ang sarili niya sa pagta-trabaho nang mag-ring ang telepono. Masigla niya iyong sinagot at nagulat siya nang makilala ang tinig ng nasa kabilang linya. Sino pa ba kundi ang presidente ng kompanya?

"Miss Perez, can you come here in my office?" pormal na sabi ni James at pinutol na agad ang

linya. Dali-dali siyang nagpunta sa office nito. Nang nasa elevator siya ay naalala na naman niya ang nangyari kagabi. Iyon ba ang dahilan kung bakit siya pinapapunta ni BJS sa opisina nito? Hindi niya maiwasang kabahan. Makakaharap na naman niya ito. Pag-uusapan ba nila ang ginawa nitong paghalik sa kanya?

Wala ang secretary ng lalaki sa puwesto nito kaya kumatok na lang siya sa pinto ng opisina nito. Nang marinig ang pagpapasok nito ay itinulak niya iyon nang marahan.

"G-good morning, Sir," mahinang bati niya. Nakita niya si BJS na salubong na naman ang mga kilay.

"Good morning. Please close the door," pormal na sabi nito. "Miss Perez, I would like to explain what I did last night."

"Sir, you don't have to explain anything. I understand that you only did that to… comfort me." Deep inside, gusto niyang marinig mula rito na hindi lang iyon ang dahilan sa ginawang paghalik sa kanya, pero sinaway niya ang sarili sa kaiilusyon.

"Well. That's good to hear, Miss Perez. You see, I don't want you to misinterpret what happened

between us last night and I'd appreciate if you don't tell anyone about this—"

"Don't worry, Sir. Makakaasa kayo na walang makakaalam nito. And I'm not jumping into wrong conclusions if that's what's bothering you," pormal niya ring sabi kahit ang totoo ay nasasaktan siya.

Mahirap talaga ang mangarap ng mataas dahil kapag bumagsak ay mas masakit.

"Good, then if that's the case, you may go back to work," pagdi-dismiss nito sa kanya. Tumango si Kathryn, tumalikod at lumabas na ng opisina nito.

Nagmamadali siyang naglakad papunta sa elevator nang mabangga siya sa isang bulto na muntik nang magpatumba sa kanya kung di siya naagapang hawakan nito sa baywang. Nagulat siya nang makita si Matthew.

"Hi Kathryn, long time no see," nakangiting bati nito na hindi pa rin inaalis ang kamay sa kanyang baywang. Iyon ang naabutan ni James paglabas ng opisina nito. Nakita na naman ng dalaga ang pagsasalubong ng mga kilay nito na nagpaalala sa kanya na lumayo sa kapatid nito.

"Good morning, Sir Matthew," nakangiti niyang bati.

"Kathryn, Kathryn, Kathryn… Bakit may 'sir' pang kasama? Akala ko ba magkaibigan na tayo? Pasensya ka na, ha, ngayon lang ako napunta ng opisina hindi tuloy kita nakita. So mamaya, sabay tayo uli mag-lunch, ah," dere-derechong sabi nito na hindi pansin ang pagsasalubong ng kilay ng kuya nito.

Alanganin niya itong nginitian. "Sige po, Sir, babalik na po ako sa trabaho."

"Sinabi nang 'wag nang 'sir', eh. Basta mamaya Kathryn, ah. I'll call you," nakangiti pang dagdag nito bago tumalikod at lumapit sa kapatid nito.

Sinundan niya ito ng tingin. Nasalubong niya ang masamang tingin ni James na nakatuon sa kanya.

Iniisip siguro nito na may gusto siya sa kapatid nito. Nakaramdam siya ng iritasyon. Bakit napakapangit niya ba para isipin nito na walang magkakagusto sa mukha niya? Marami namang nagsasabi na maganda siya. Mataas siya sa karaniwang tangkad ng mga Pilipina at maputi ang kanyang balat.

Akala niya ay nagbibiro lang si Matthew sa sinabi nito kanina, pero nagulat siya nang pagbaba niya nang tanghali ay nakita niyang naghihintay ito sa lobby ng building. Nakangiti itong sinalubong siya na nagpanganga sa mga kaopisina niya. Naiilang na

nagpaalam na lamang siya sa mga ito at sinabing hindi na muna siya makakasabay sa mga ito sa pagkain.

“Sir Matthew, akala ko ay nagbibiro lang kayo kanina,” aniyang nagtataka.

Hindi ito sumagot. Ngumiti lang at hinila na siya papunta sa parking area ng building. Masaya itong nagkuwento habang papunta sila sa restaurant na kinainan nila dati. Masaya talaga itong kausap at hindi siya naiilang dito kaya siya man ay masayang nagkuwento rito ng kung anu-ano.

“Kathryn, I’ll be working in the company as one of the managers. Napilit ako ni Kuya na magtrabaho na at ihinto na ang kalokohan ko. Dinramahan ba naman ako ni Mama na bumalik na daw ako sa pagtratrabaho. Alam kong kinausap siya ni Kuya. Sabagay, dapat naman talagang tinutulungan ko si Kuya James. Nagkaganito lang naman ako noong mawala si Papa,” dramatikong pagsasalaysay nito pero may naglalarong pilyong ngiti sa mga labi.

“Natutuwa naman ako na may plano ka na sa buhay mo,” biro niya na naging dahilan ng pagtawa nila. Dagli ring naputol iyon nang makita nila ang pareha na papalapit sa mesa nila. Si James at isang napakaganda at eleganteng babae na kinulang yata

sa damit.

"Aba! Bakit kaya kasama ni Kuya ang babaeng 'yan? She's Samantha, ex ni Kuya," nakasimangot na bulong nito.

"Ano naman ang nakapagtataka kung may kasama ang kuya mo sa pagkain. Dapat nga ay mag-asawa na 'yang kuya mo para mabawasan ang pangungunot ng noo," nabigla niyang sabi sabay takip sa bibig nang ma-realize ang nasabi. Napatawa nang malakas ang kaharap niya.

"Enjoying your lunch, dear brother?" tanong sa kanila ng nakalapit na palang kuya nito. Nakaangkla sa isang braso nito ang babaeng kasama. Matiim ang pagkakatingin nito sa kanya na para bang itinatanong kung ano ang karapatan niyang sumama sa mga katulad nilang mayayaman.

Ipinakilala siya ni Matthew sa babaeng kasama ng kapatid nito, na 'Samantha' pala ang pangalan, bago sinagot ang sinabi ni James. "Yeah, I have a wonderful date here, that's why," sagot ni Matthew na lalong nagpasimangot sa kapatid.

"Come on, honey, I think we're disturbing them." Malambing na hinila ng babaeng kasama si James na nagpatianod na sa kasama.

Nagpatuloy na sila sa pagkain, pagkukuwentuhan at pagtatawanan. Panaka-naka ay nahuhuli niyang sumusulyap sa kanila si James na hindi naman nalalayo ang puwesto sa mesa mula sa kanila. Nang matapos sila sa pagkain at mabayaran nito ang kinain ay lumapit sila sa mesa ng kuya nito at ni Samantha.

"Kuya, mauna na kami," paalam nito sa kapatid sabay tapik sa balikat nito. Siya naman ay tumango na lamang sa mga ito dahil hindi naman niya alam ang sasabihin. Hinila na siya ni Matthew palabas ng restaurant. Inakbayan siya nito. Hindi man niya nakikita ay may hinuha siyang nakasunod ng tingin si James sa kanila at marahil ay magkasalubong na naman ang mga kilay nito.

"Ano ka ba naman, Matt?" aniya sabay tanggal sa braso nito na nakaakbay sa kanya. "Baka kung ano ang isipin ng kuya mo. Isa lang akong simpleng tao na hindi n'yo 'ko ka-level. Baka kung ano-ano pa ang isipin n'yon sa inaasta mo."

"Ano ka ba, Kathryn, bakit iintindihin mo ang iisipin niya? We're friends and I like you as a sister. Wala kasi kaming kapatid na babae," malungkot na sabi nito.

Bahagya niyang pinagtakhan ang biglang paglungkot nito.

"Sabagay nga, kung ganito naman na palagi akong malilibre sa pagkain ay talagang hindi ko pakikialaman ang sasabihin nila," natatawa niyang biro na naging dahilan ng pagtawa nito at pagkurot sa kanyang pisngi.

"Ang cute mo!" sabi pa ni Matthew habang kurot-kurot ang pisngi niya.

"Aray naman!" Pinalo niya ang braso nito. Sumakay sila sa sasakyan nito habang nagtatawanan.

"Kathryn, ano kaya kung ikaw na lang ang kuhanin kong assistant ko, tutal naman dalawang course pa nga ang natapos mo. Sayang naman kung habambuhay ka na lang na secretary ni Mr. Balbin. Dapat gamitin mo naman 'yong isa mo pang course. Hindi ka na maggo-grow sa ganoong posisyon, di ba? Saka kailangan ko ng clown sa office ko."

"Sino ba naman ang gustong hindi umangat ang posisyon at magamit ang pinag-aralan. Nagkataon lang talaga noong time na 'yon, mahirap mag-apply ng trabaho kaya kahit secretary, puwede na sa akin dahil kailangan ko talagang magtrabaho. Pero kung gusto mo akong i-promote sa mas mataas na posisyon, eh di maganda! Magkano kaya ang itataas ng sahod ko n'on?" biro pa niya.

“Anong tataas? Kaya nga ikaw ang gusto kong kuhanin para makatipid ako dahil ’yung kalahati ng suweldo mo sa akin mapupunta,” ganting-biro ni Matthew.

“Gano’n ba? Mas mabuti pa palang ’wag nang umangat ang posisyon ko bilang assistant mo,” paismid niyang saad dito. “Saka baka kung ano pa ang isipin ng kuya mo,” malungkot na dagdag ni Kathryn. Bigla ay naalala na naman niya ang halik na pinagsaluhan nila sa elevator.

Kanina ay tila may kumurot sa isang parte ng puso niya nang makita si James na may kasamang isang napakaeleganteng babae. Hindi na lang niya binigyan ng pansin ang nararamdaman niya dahil alam naman niyang wala siyang karapatang makadama ng kung anuman para sa binata.

Nakarating sila sa parking lot nang hindi niya namamalayan. Bakit ba kapag naiisip niya si James ay nawawala siya sa sarili at hindi na niya napapansin ang paligid? Inalalayan siya ni Matthew sa pagbaba. Natutuwa talaga siya rito dahil mabait ito hindi katulad ng kuya nito na masungit.

“Uy! Thank you, ha. Bukas uli,” muli ay biro ni Kathryn.

"Anong bukas ulit? Talagang bukas ulit dahil ikaw naman ang manlilibre sa akin."

"A-absent pala ako bukas!" natatawang sabi niya. Ano naman ang ipanlilibre niya rito? Eh, kulang na kulang pa ang sinasahod niya sa trabaho para sa pamilya niya.

"Ah gan'on, ha!" Kinurot na naman nito ang pisngi niya. Nakarinig sila ng pagtikhim at kapwa sila napatingin sa lumikha ng tunog na iyon.

Nagulat si Kathryn nang makita na nasa likod na nila si James na as usual ay salubong na naman ang mga kilay. *Ang bilis namang kumain ng mga ito*, komento niya sa isip. Pasimpleng hinanap ng mga mata niya ang sosyal na babaeng kasama nito kanina.

"O, Kuya James! Ang bilis mo namang natapos sa date mo," pabirong puna ni Matthew.

"Dahil may appointment tayo ngayong one o'clock at isasama kita," anito sa kapatid.

"Sige, Sir Matthew, Sir BJS… mauna na po ako," paalam niya. Tumango lang ang mga ito sa kanya at nagmamadaling tumalikod na siya. Subalit nahagip ng pandinig niya ang sinabi ni BJS sa kapatid.

"I hope, dear brother, that you're not here to play

around."

Wala siyang narinig na sagot kay Matthew kaya malamang ay ngumiti lang ito sa kapatid at hinayaang isipin ang gusto nito.

*Hay si Matthew talaga, napapasama tuloy ako sa paningin ni Prince Charming.* Prince Charming? Mayroon bang Prince Charming na parating nakasimangot? Bakit naman kasi napakaambisyosa ng puso niya at iyong hindi pa maabot ang gusto? Napailing na lang siya at pinangako sa sarili na susubukang mag-focus na lang sa trabaho at hindi na aasamin ang mga imposibleng bagay.

Nang makabalik na siya sa kanilang departamento ay hindi siya tinigilan ng mga kaopisina sa panunukso at pagtatanong. Tanggi na lang siya nang tanggi sa mga ibinibintang ng mga ito na may gusto raw sa kanya ang isa sa may-ari ng kompanya. Sinabi niya sa mga ito na magkaibigan lang sila ni Matthew, pero alam niyang hindi naniniwala ang mga ito sa kanya. Patunay ang mga nagsisialagwahang kilay ng mga ito.

"Ikaw ha! Masyado kang malihim," tukso ni Marjorie na nasa tabi na pala niya.

"Ito naman. Ano naman ang ililihim ko, eh, wala naman talaga. At di naman totoo ang mga sinasabi

nila. Nagkataon lang na naging magkaibigan kami ni Sir Matthew mula noong magkakilala kami sa Batangas," paliwanag niya sa kaibigan.

"Baka na-love at first sight sa 'yo, kaya gan'on," pangungulit pa nito.

"Ngek! Friendly lang talaga 'yong tao. Saka, ano ba ang magugustuhan n'yon sa akin? Di kami magka-level n'yon. Langit siya at lupa ako," pabiro pa niyang dugtong.

"Pwede ba, Kathryn, lahat ng tao may karapatan mahalin ang kung sinomang gusto nila. Mayaman man o mahirap. At saka ang ganda-ganda mo, 'no? Ikaw lang ang walang tiwala sa sarili mo. Tingnan mo nga kaya tayo ang naging magkaibigan dahil pareho tayong ma-beauty," bulong nito sa sinabayan pa ng tawa.

"Hay, Marj, kulang pa yata 'yong kinain mo. Gutom lang 'yan. Bumalik ka na sa puwesto mo at ayan na si Mr. Balbin na may crush sa 'yo. Aba, pasok na pasok sa requirement mo 'yan. Mayaman!" Siya naman ang nagbiro dito na ikina-"Yuck!" nito at sabay pa sila natawa. Nagmamadali itong bumalik sa puwesto nito.

Binati ni Kathryn ang kanyang boss na huminto

sa harapan niya. Sana ay hindi ito lumapit para lang utusan na naman siyang magsinungaling sa whereabouts nito.

"Ah, Miss Perez, pakitawag ang buong marketing." May nahimigan siyang kalungkutan sa tinig nito. Nagtataka man ay tumango na lang siya rito at tinawag ang buong grupo nila. Katulad niya ay nagtataka rin ang mga ito sa biglaang pagpapatawag ng meeting ng kanilang boss. Nang makapagtipon na sila ay nagsalita na agad ang matanda.

"I know all of you are wondering why I suddenly call this meeting. Well, I'm here to thank each and every one of you. Tomorrow will be my last day here in the office as your boss. Alam kong alam n'yo na naman na matagal na akong kinukuha ng anak ko sa Australia. Dahil nga matanda na ako at nasasabik na ding makasama ang natitira kong pamilya ay di na din ako makapag-function nang maayos dito sa opisina dahil palagi ko silang naiisip," pagpapaliwanag nito sa kanila. "So I talked to the president of the company at pinagbigyan naman niya ako. Makikilala n'yo na ang bagong boss n'yo pagkatapos kong ma-turn over lahat. Wala pang sinasabi kung sino, but I'm asking all of you to do your best in your job and work as a team with your new boss. Again, thank you and I will miss you all," malungkot na sabi nito sa kanilang lahat.

“Gan’un po ba, Sir? Kung ganoon, we’re happy for you dahil makakasama mo na ang pamilya mo na palagi n’yong ikinikuwento sa amin,” ani Bernie na sa kauna-unahang pagkakataon ay nagsalita nang pormal.

Niyakap pa nito ang boss nila kaya nagsisunuran na rin sila rito. Madami rin naman sa kanila ang nababaitan sa kanilang boss dahil hindi mainitin ang ulo nito.

“We’ll miss you too, Sir,” anila sa matanda.

“Wish ko lang ay mabait ang maging bagong boss namin, Sir, na tulad nyo,” sabi ni Marjorie na ikinatawa ng mga kasamahan nila.